



BALITANG LB

1.25 Milyon para sa 4H Club

MGA NILALAMAN

70 FFS sa Taong 2009	2
5 FFS Corn Isinasa-gawa	2
1049 Dumalo sa Farmers and Fisher-folk Congress	2
64 na Pagsasanay sa Taong 2009	3
Dalawang Radyo Eskwela Nagtapos	3
Pagpupulong at Konsultasyon ng mga Mag-sasaka sa Guinyangan, Quezon	3
Kabuuang Ambag ng ATI-Region IVA sa Larangan ng Pagsasanay at Ekstensyon	4

Dalwampu't limang mga kabataang miyembro ng 4H Club ang nabigyan ng suportang pinansyal para sa kanilang mga pangka-buhayang proyekto. Ang bawat isa sa kanila ay pinagkalooban ng P 50,000 pagkatapos nilang makapagsumite ng kanilang proposal at makalahok sa apat (4) na pagsasanay na pinatupad ng ATI-Region IVA. Ang apat na pagsasanay na pinatupad ay naglalayong mabigyan sila ng karagdagang kaalaman at kasanayan sa pagpapatupad ng mga pang-agrikulturang proyekto at malinang ang kanilang mga



sarili sa pamununo, pakikipag talastasan at pakikisalimuha sa kapwa. Isinagawa ang mga pagsasanay noong Setyembre 7-9, Oktubre 1-2, Oktubre 13-16 at Nobyembre 9-13, 2009. Sa kasalukuyan, ang mga ito ay nagpapatupad na ng kanilang mga proyekto sa kani-kanilang mga lugar. Pinili ang mga kalahok sa tulong ng mga ibat'-ibang mga FYDP Coordinators sa probinsya at munisipyo. Karamihan sa kanila ay mga aktibong miyembro o opisyaes ng kanilang samahan (4H) at maging sa kanilang mga lugar. Labing-siyam (19) sa kanila ay lalaki at anim (6) ang babae. Siyam (9) sa kanila ay nagmula sa lalawigan ng Quezon, anim (6) ay taga Laguna, lima (5) ay taga Rizal at lima (5) din sa Cavite. Ang ilan sa kanila ay nakasama sa Inter-Region Visit sa Region XI na ginanap noong Nobyembre 14-16, 2009 na dinaluhan ng may dalwampu't anim na kalahok. Ilan din sa kanila ay naka-

lahok sa Regional Consultation Workshop na ginanap noong Nobyembre 9-10, 2009 sa Oasis Hotel sa Los Baños, Laguna na dinaluhan ng may limampu't siyam (59) na kalahok. Mayroon ding labindalwang (12) scholars ng Youth in Agriculture and Fisheries Program (YAFP) na kasalukuyang nag-aaral sa University of Rizal System.



Sa project site ni Patrick Blanco na may proyektong Pagbababuyan sa Sta. Cruz, Laguna



Sa taniman ng okra ni Ariel Jimenez sa Pagbilao, Quezon

"The FCC was conceived not out of necessity but because of its commitment to service and dedication to the cornerstone of agriculture -- the FARMERS"

Dir. Asterio P. Saliot
Agricultural Training Institute

Farmers Contact Center Inilunsad

Noong Nobyembre 28, 2009 sa Tagbilaran City, Bohol ay inilunsad and Farmers Contact Center. Ito ay programa ng Kagawaran ng Pagsasaka sa pangunguna ni Sec. Arthur Yap. Ang Agricultural Training Institute ang naatasang bumuo at

manguna sa programang ito sa pakikipagtulungan ng iba't-ibang sangay ng pamahalaan. Ang ATI-Region IVA ay nagsagawa ng dalawang (2) Regional Workshops para sa mga Subject Matter Specialists (Internal at External). Nagsagawa rin ng

tatlong (3) Provincial Briefings para sa mga lalawigan ng Quezon at Laguna upang maipabatid sa kanila ang layunin ng programa. Maari nang tumawag sa mga numerong nakasulat sa pahina 4 para sa mga katanungan ukol sa agrikultura.

70 Farmers Field School (FFS) Natapos sa Taong 2009

Sa buong taon ng 2009, may kabuuang **70 FFS** ang ipinatupad sa mga lalawigan ng Laguna, Rizal, Cavite at Quezon. May kasalukuyan pang **34 na FFS** na ipinapatupad sa mga nasabing lalawigan pa rin. May kabuuang **1,946** magsasaka na ang nakatapos ng FFS at may karagdagan pang **850** sa pagtatapos ng kasalukuyang taniman. Ang mga nasabing mga FFS ang patuloy na mino-



monitor ng kawani ng ATI-Region IVA sa pakikipag-ugnayan sa mga Lokal na Pamahalaan ng iba't-ibang bayan lalo't higit ay ang mga tekniko sa lugar. Ang FFS ay ipinapatupad ng mga AEWs na nakapagsanay na sa ATI-Region IVA noong taong 2008 na nakatuon sa Sistemang PalayCheck. Kada dalawang nagtapos na AEWs, sila ay

inaasahang magsagawa ng 3 FFS. Ang pangtustos sa mga nasabing Gawain ay nagmula sa GMA Rice Program ng pamahalaan na ang pangunahing ahensyang nagpapatupad ay ang Kagawaran ng Pagsasaka kung saan ang ATI ay isa sa mga sangay nito. Nilalayan ng ganitong klaseng pagsasanay na makita ng aktwal ng mga magsasaka at maisagawa nila mismo ang lahat ng nakapaloob sa Sistemang PalayCheck.



There is tremendous strength that is growing in the world through sharing together, praying together, suffering together and
WORKING TOGETHER.

—Mother Teresa

Limang Farmers Field School (FFS) Ukol sa Pagmamaisan Isinasagawa

Upang maipamalas sa mga magsasaka ang ilang mga sistema sa pagtatanim ng mais, limang FFS ang isinasagawa. Dalawang FFS sites ang matatagpuan sa lalawigan ng Quezon, isa ay sa Tagkawayan at ang isa ay sa

Guinyangan. May isa rin sa Famy, Laguna at dalawa ay sa Dasmariñas, Cavite. Ito ay sinimulan noong unang linggo ng Disyembre at inaasahang matatapos sa ikalawang linggo ng Abril. Tatlung (30) mga magsasakang nag-

tanim ng mais ang kalahok sa bawat FFS na may kabuuang **150 katao**. Ang FFS na ito ay proyekto ng ATI sa pakikipagtulungan ng mga Pamahalaang Lokal sa mga nasabing mga bayan/lunsod.

1049 Dumalo sa Farmers and Fisherfolk Congress on Agriculture and Fisheries

Sa Infanta, Quezon ginanap ang "Farmers and Fisherfolk Congress" na dinaluhan ng may 1041 magsasaka at mangingisda ng lalawigan ng Quezon noong Abril 22, 2009. Iba't-ibang ahensya ng pamahalaan ay inanyayahang magbahagi ng kanilang mga programa para sa mga magsasaka at mangingisda. Si G. Danilo Ochoa, ang Direktor ng ATI-Region IVA ang siyang

nagpaliwanag ng mga suportang serbisyong maaaring ipagkaloob ng ahensya (ATI-Region IVA).



64 na Pagsasanay Isinakatuparan sa Taong 2009

May kabuuang **64** pagsasanay ang ipinatupad ng ATI-Region IVA. Karamihan sa mga ito ay naganap noong Oktubre kung saan sa piling bayan ng Laguna at Cavite ay nagsagawa ng mga pagsasanay ukol sa Paggugulayan (Organic Vegetable) at sa Pagtanim ng Kamoteng Kahoy. Ang pondong tinustos ay nagmula sa Programa ng High Value Commercial Crops o HVCC. Limampung pagsasanay ang napatupad ukol dito sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Lokal ng mga probinsya at bayang panggagalingan ng mga kalahok. Malaking ambag ang pinagkaloob ng Opisina ng Panlalawigang Agrikultor

ng Laguna at Cavite sa pagpapatupad ng nasabing mga pagsasanay. Sampung (**10**) pagsasanay naman ang ipinatupad mula sa Regular na

pag tapos sa mga pagsasanay na pinatupad ng ATI-Region IVA noong 2009.

Sa taong ito, ang ATI-Region IVA ay may mga naka programa pa ring mga pagsasanay para sa mga nag seserbisyong mga AEWs at sa mga nakatira sa CaLaBaR-Zon.



Pondo ng ATI-Region IVA at dalawa (**2**) naman ay mga pagsasanay na hiniling ng ibang ahensya tulad ng Lokal na Pama halaan ng Cavite at Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) sa nasabi pa ring lalawigan. May kabuuang **2,061** katao ang nagsi-



Dalawang Radyo Eskwela sa Taong 2009

Bangon Na! Magsasaka para sa mga magsasaka ng Laguna at "Batangueño Atang Pag-Aralan, Kaalaman sa Pagmamaisan para naman sa mga taga lunsod ng Batangas, ang titulo ng mga radyo eskwelang nagtapos noong Abril at Mayo 2009. **138** magtatanim ng palay sa mga bayan ng Victoria, Calauan, Bay at Lunsod ng

Calamba ang naging kalahok sa unang nabanggit na radyo eskwela at **45** namang magtatanim ng dilaw na mais (yellow corn) ang lumahok sa sumunod na radyo eskwela. Ang parehong programa ay gumamit ng estasyon ng radyo na matatagpuan sa dalawang popular na unibersidad sa Pilipinas tulad ng DZLB sa Unibersidad ng

Pilipinas sa bayan ng Los Baños, Laguna (UPLB) at ang DWPB naman ng Batangas State University (BSU). Maraming ahensya ang nagtulong-tulong upang maisakatuparan ang naturang dalawang radyo eskwela na nilalayong mapabilis ang paghahatid ng kaalaman sa pagsasaka sa nakararaming magsasaka.

Life is the art of drawing without an eraser.

- John Gardner

Pagpupulong at Konsultasyon ng mga Magsasaka sa Guinyangan, Quezon

Ang nasabing Pagpupulong at Konsultasyon ay isinagawa sa kahilingan ng pamahalaang Lokal ng Guinyangan, Quezon. Ito ay ginanap noong Mayo 12-13, 2009. Sa unang araw, ang pinag-ukulan ng pansin ang tungkol sa Pagpaparami ng Bungang Kahoy na Mangga. Sa sumunod na araw naman ay binigyang pansin ang ukol sa Pagpaparami ng Kabute (Mushroom

Production). Ang pinuno ng Extension Services na si Vera Esguerra at si Mario Lapitan ang tumungo sa nasabing lugar upang pangunahan ang nasabing gawain. Ang opisina ng Pambayang Agrikultor ng Guinyangan ay isa sa mga Punung-Abala ng nasabing konsultasyon. Matutunghayan sa larawan ang pagbibigay ng Sertipiko ng Pagpapahalaga kay Dr. Teresita Dalisay.



Si Dr. Teresita Dalisay tumatanggap ng sertipiko kay Bb. V. Esguerra kasama si G. Roberto Gajo. (MAO).

AGRICULTURAL TRAINING
INSTITUTE-REGION IVA

UPLB, College, Laguna

(049) 536-3263
(049) 536-5600 (fax)
atintc_uplb@yahoo.com
www.ati.da.gov.ph/
calabarzon



Para sa inyong mga katanungan ukol sa agrikultura at pangisdaan:
1-800-10-982-2474 (toll free) 982-2474 (MetroManila)
o magtext sa 391-32 SMART 0908-8968-278 non-SMART
Email: info@e-extension.gov.ph



“Labanan ang Kahirapan, Isulong ang Karunungan”



Patuloy na humaharap sa mga hamon dulot ng mga pagbabago, ang ATI-Region IVA ay patuloy ring nagbibigay ng serbisyo sa mga Agricultural Technician Workers (AEWs) at Managers, mga Kawani ng Pamahalaan at pribadong sector at mga samahan, mga kababaihan, kabataan, magsasaka at manging-isda sa CaLaBaRZon.

Kabuuang Ambag ng ATI-Region 4A sa Larangan ng Pagsasanay at Ekstensyon sa CaLaBaRZon

Naging lubos na maka buluhan ang taong nakalipas (2009) para sa mga kawani ng Region IVA. Naging abala sila sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga taga CaLaBaRZon. May **2,061** indibidwal ang nakapagsanay sa ATI-Region IVA. Karamihan ay mga Agricultural Extension Workers (AEWs), magsasaka at iba pa. May **2,951** katao rin ang nahatiran ng serbisyong pang-ekstensyon (extension services) at may dadagdag pang mga 1,000 katao mula sa kasalukuyang FFS Corn at FFS Rice na isinasagawa. Mayroon ding **1,420** katao ang nabigyan ng benepisyo mula sa mga programang pang-ekstensyon (extension programs) at pakikipag-uugnayan



(partnerships). May kabuuang **183** ang nagsipagtapos sa dalawang Radyo Eskwelang pinatupad para sa Lalawigan ng Laguna at sa Lunsod ng Batangas. May kabuuan ring **809** na katao na nabigyan ng kalinawan ukol sa Programang e-Ekstensyon ng Kagawaran ng Pagsasaka sa pangunguna ng ATI. Mayroon ding **4,437** mga babasahin ang naipamigay sa mga magsasaka at sa mga

AEWs ng CaLaBaRZon na nauukol sa iba't-ibang teknolhiya sa pagsasaka at tungkol na rin sa ATI. Pito (**7**) ang pinagkalooban ng libreng pag-aaral mula sa pondo ng Expanded Human Resource Development Program o EHRDP at **12** naman ang mula sa Youth in Agriculture and Fisheries Program o YAFFP.



Farmers' Field School (FFS) Field Day sa Calauag, Quezon



Fruit Trees Nursery ni Mark Anthony Gaela (4H) sa Bagumbayan, Sta. Maria, Laguna



Si Bb. Esguerra nagpapaliwanag kay Diane Digna (4H) sa Pangil, Laguna tungkol sa kahalagahan ng pagmomonitor.